TUNGKOL SA PROGRAMA NG SALAPING TULONG PARA SA MGA IMIGRANTE

Ang Programa ng Salaping Tulong para sa mga Imigrante (CAPI), isang programa na pinondohan ng Estado, ay ipinatupad noong Nobyembre 1, 1998, bilang resulta ng Assembly Bill 2279. Ito ay dinisenyo upang magbigay ng buwanang benepisyong salaping tulong sa mga may edad, bulag at may kapansanan na hindi mamamayan na hindi karapat-dapat para sa Karagdagang Kitang Panseguro/Karagdagang Kabayaran ng Estado (SSI/SSP) dahil lamang sa kanilang katayuan sa imigrasyon. Ang mga kalahok sa CAPI ay maaaring maging karapat-dapat para sa CalFresh, Medi-Cal, Serbisyong Pantaguyod sa Loob ng Tahanan, at iba pang tulong pampubliko. Dapat silang magkahiwalay na mag-file para sa bawat benepisyo.

MGA KINAKAILANGAN SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Upang maging karapat-dapat sa CAPI, dapat makumpleto ng isang tao ang proseso ng aplikasyon ng CAPI at matugunan ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon:

- Hindi mamamayan, nakakatugon sa naaangkop na katayuan sa imigrasyon;
- Edad 65 pataas, bulag at may kapansanan bilang tinukoy para sa mga layunin ng SSI/SSP;
- Residente ng California (Walang kinakailangang panahon ng paninirahan);
- Ang mga mapagkukunan ay mababa sa pinahihintulutang mga limitasyon;
    - $2,000 para sa isang indibidwal
    - $3,000 para sa isang mag-asawa
- Ang kita ay mas mababa kaysa sa Pamantayan ng Pagbabayad sa CAPI, na mas mababa sa Pamantayan ng Pagbabayad sa SSI/SSP; at
- Hindi karapat-dapat para sa SSI/SSP dahil lamang sa kanyang katayuan sa imigrasyon.

MGA DAHILAN SA PAGIGING HINDI KARAPAT-DAPAT

Ang isang tao ay hindi karapat-dapat sa CAPI kung sila ay:

- Isang Mamamayan ng U. S.;
- Isang residente ng pampublikong institusyon ng hindi bababa sa 30 magkakasunod na araw;
- Isang tumatakas na may mabigat na kasalanan/lumalabag sa parol; o
- Nasa labas ng California ng hindi bababa sa 30 magkakasunod na araw.

PROSESO NG APLIKASYON

Kahit na ang mga aplikasyon ng CAPI ay maaaring isampa sa anumang tanggapan ng distrito ng DPSS, inirerekomenda na isampa ang mga aplikasyon na ito sa:

Metro North District Office #38
(CAPI Centralized Office)
2601 Wilshire Boulevard
Los Angeles, CA 90057
(213) 639 - 5407

Bilang karagdagan, maaaring tawagan ng mga aplikante ng CAPI ang Customer Service Center sa (866) 613 - 3777 upang mag-aplay sa pamamagitan ng telepono o humiling ng isang aplikasyon sa pamamagitan ng koreo.